Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

PATNUBAY SA MISA

26 Marso 2023 | Ika-5 Linggo ng Kuwaresma | Taon A

SI HESUS, ATING PAG-ASA NG MULING PAGKABUHAY



Sunod sa dating palatuntunang pang kuwaresma ng Simbahan, tayo ngayon ay inaanyayahang magnilay sa papel ni Hesukristo sa ating buhay bilang ***"bukal ng ating buhay at muling pagkabuhay."*** *Ang pagkamatay ni Lazaro ay nakapagpapanilay sa atin sa maraming anyo ng "kamatayan" na nakapagpapatulo ng mga luha ng lungkot at habag. Sa kanyang pagbuhay na muli kay Lazaro, si Hesus ay itinatampok na bidang nagtagumpay sa kamatayan, at ibinabadya rin nito ang kanyang sariling muling pagkabuhay.*

Ang kahanga-hangang pagbuhay kay Lazaro ay sagisag din ng napakaraming espirituwal at moral na "muling pagbuhay" na ginawa ni Hesus. Kalakip ng pasasalamat sa kanya sa kahalagahan ng ganitong mga biyaya, ihabilin natin sa kanya ang ating mga sarili at ang mga taong emosyunal o espirituwal na "patay." Lahat nawa tayo'y makiisa sa kabuuan ng kanyang buhay, lalo na sa pamamagitan ng Eukaristiyang ito.

PASIMULA

Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Ako ay iyong hukuman, pabulaanan ang sakdal ng may masamang paratang, D'yos ko, tanging ikaw lamang ang lakas ko at tanggulan.

Pagbati

P– Ang biyaya ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at pakikiisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!

B– **At sumaiyo rin!**

Pagsisisi

P– Nananalig sa pag-ibig ng Panginoon para sa atin at sa kagustuhan niyang tayo'y mabuhay nang sagana, dumulog tayo sa kanyang hanguin tayo sa hukay ng ating pagkakasala. *(Manahimik saglit.)*

P– Panginoong Hesus, naparito ka upang ibigay sa amin ang buhay ng kabanalan, ngunit malimit naming pinili ang kamatayan ng pagkakasala. Panginoon, kaawaan mo kami!

B – **Panginoon, kaawaan mo kami!**

P– Panginoong Hesus, tinawag mo kaming magbalik-loob, ngunit malimit naming minabuting manatili sa mga mali naming asal. Kristo, kaawaan mo kami!

B – **Kristo, kaawaan mo kami!**

P – Panginoong Hesus, ibinigay mo sa amin ang Banal na Espiritu upang sa ami'y maging binhi ng buhay na walang hanggan, ngunit malimit din naming sinunod ang mga gawi ng kamatayan. Panginoon, kaawaan mo kami!

B – **Panginoon, kaawaan mo kami!**

P – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B – **Amen!**

Panalanging Pambungad

P – Ama naming makapangyarihan, alang-alang sa dakilang pag-ibig ng iyong Anak na siyang nagbunsod upang mahalin niya ang lahat anupa't kusa niyang inako ang mamatay para sa sanlibutan, kami nawa'y masigasig na tumahak sa kanyang dinaanan sa iyong pag-akay at sa kanyang pamamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – **Amen!**

This issue of ***Patnubay sa Misa*** may be downloaded for free anywhere in the world. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word & Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

Unang Pagbasa *Ez 37:12-14*

Ang ating Diyos ay siyang Diyos ng Buhay at kaya Niyang bigyan-buhay kahit na ang mga tuyo't nagkalat na mga buto. Kaya rin Niyang gawin ito sa ating mga likong buhay at nasirang pamayanan. Ganito ang mensahe sa kilalang pangako sa bayan ng Israel.

L –Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Ezekiel

Ito ang sinabi ng Panginoong Diyos: "Magpahayag ka. Sabihin mong ipinasasabi ko: Bayan ko, ibubukas ko ang inyong libingan. Ibabangon ko kayo at iuuwi sa inyong bayan. Kung maibukas ko na ang inyong libingan at maibangon ko kayo, makikilala ninyong ako ang Panginoon. Hihingahan ko kayo upang kayo'y mabuhay, at ibabalik ko kayo sa inyong sariling bayan. Sa gayon, malalaman ninyo na akong Panginoon ang nagsabi nito at aking gagawin."

Ang Salita ng Diyos!
***B –* Salamat sa Diyos!**

Salmong Tugunan *Awit 130*

B –Sa piling ng Poong Diyos, may pag-ibig at pagtubos!

R. M. Velez



*** Sa gitna ng paghihirap, tinawag ko'y Panginoon; Panginoon, ako'y dinggin pagka ako'y tumataghoy. Dinggin mo ang pagtawag ko't paghingi ng iyong tulong.** ***B.***

*** Kung ikaw ay may talaan nitong aming kasalanan, lahat kami ay tatanggap ng hatol mong nakalaan. Ngunit iyong pinatawad, kasalanan ay nilimot; pinatawad mo nga kami upang sa 'yo ay matakot.** ***B.***

*** Sabik akong naghihintay sa tulong mo, Panginoon, pagkat ako'y may tiwala sa pangako mong pagtulong. Yaring aking pananabik, Panginoon, ay higit pa, sa serenong naghihintay ng pagsapit ng umaga.** ***B.***

*** Magtiwala ka, Israel, magtiwala sa iyong Diyos, matatag at di kukupas ang pag-ibig niyang dulot. Lagi siyang nahahandang sa sinuman ay tumubos, ililigtas ang Israel, yaong kanyang mga hirang. Ililigtas niya sila sa kanilang kasalanan.** ***B.***

Ikalawang Pagbasa *Ro 8:8-11*

Ang mamuhay ayon sa laman ay nahahantong sa kamatayan. Ang mamuhay ayon sa Espiritu, sa kabilang dako, ay tungo sa buhay na walang hanggan, salamat sa muling pagkabuhay ni Hesus, ang una sa lahat ng yumao. Gayon ang panawagan sa ating nagdudulot-biyaya sa ating kaluluwa't katawan.

L –Pagpapahayag mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Roma

Mga kapatid: Ang mga nabubuhay ayon sa laman ay hindi maaaring kalugdan ng Diyos. Ngunit hindi na kayo namumuhay ayon sa laman kundi ayon sa Espiritu, kung talagang nananahan sa inyo ang Espiritu ng Diyos. Kung ang Espiritu ni Kristo'y wala sa isang tao, hindi siya kay Kristo. Ngunit kung nasa inyo si Kristo, bagamat patay na ang inyong mga katawan dahil sa kasalanan, buhay naman ang inyong espiritu dahil sa pinawalang-sala na kayo. Kung nananahan sa inyo ang Espiritu ng Diyos na siyang muling bumuhay kay Hesukristo, ang Diyos ding iyan ang magbibigay ng buhay sa inyong mga katawang mamamatay, sa pamamagitan ng kanyang Espiritung nananahan sa inyo.

Ang Salita ng Diyos!
***B –* Salamat sa Diyos!**

Awit-pambungad *Jn 11:25a.26*

B –Luwalhati at papuri sa iyo, Panginoong Hesukristo!
Pagkabuhay ako't buhay, nabubuhay na sinumang ako'y pinananaligan ay di mapapanaigan ng kamatayan kailanman.
Luwalhati at papuri sa iyo, Panginoong Hesukristo!

Mabuting Balita *Jn 11:3-7.17. 20-27.33-45*

Ang salaysay tungkol sa pagbuhay na muli kay Lazaro ay isang mahalagang saglit sa buhay-pangmadla ni Hesus. Dito, pinatutunayan niya ang kanyang kapangyarihan maging sa kamatayan; kaya nga, sukat niyang masabing siya ang "muling pagkabuhay at ang buhay." Ang pangyayaring ito ay nagbabadya ng sariling muling pagkabuhay ni Hesus.

P –Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan
***B –* Papuri sa iyo, Panginoon!**

Noong panahong iyon: Nagpasabi kay Hesus ang mga kapatid na babae ni Lazaro, "Panginoon, ang kaibigan mong minamahal ay may sakit." Ngunit nang marinig ito ni Hesus ay sinabi niya, "Hindi magwawakas sa kamatayan ang sakit na ito. Nangyari ito upang maparangalan ang Diyos at sa pamamagitan nito'y maparangalan ang Anak ng Diyos."

Mahal ni Hesus ang magkakapatid na Marta, Maria, at Lazaro. Gayunma'y pinaraan pa niya ang dalawang araw matapos mabalitaang may sakit si Lazaro bago sinabi sa kanyang mga alagad, "Magbalik tayo sa Judea."

Pagdating ni Hesus, nalaman niyang apat na araw nang nakalibing si Lazaro. Nang marinig ni Marta na dumarating si Hesus, sinalubong niya ito; ngunit si Maria ay naiwan sa bahay. Sinabi ni Marta, "Panginoon, kung kayo po'y narito, hindi sana namatay ang aking kapatid. Ngunit nalalaman kong kahit ngayo'y ibibigay sa inyo ng Diyos ang anumang hingin ninyo sa kanya.""Muling mabubuhay ang iyong kapatid," wika ni Hesus. Sumagot si Marta, "Nalalaman ko pong siya'y mabubuhay uli sa huling araw, sa muling pagkabuhay." Sinabi naman ni Hesus, "Ako ang muling pagkabuhay at ang buhay. Ang nananalig sa akin, kahit mamatay ay muling mabubuhay, at sinumang nabubuhay at nananalig sa akin ay hindi mamamatay kailanman. Pinaniniwalaan mo ba ito?" "Opo, Panginoon!" sagot niya. "Nananalig ako sa inyo. Kayo po ang Anak ng Diyos, ang Mesiyas na inaasahang paparito sa sanlibutan."

Si Hesus ay napahimutok. "Saan ninyo siya inilibing?" tanong niya. Sumagot sila, "Panginoon, halikayo at tingnan ninyo." Tumangis si Hesus; kaya't sinabi ng mga Judio, "Talagang mahal na mahal niya si Lazaro!" Ngunit sinabi ng ilan, "Nakapagpadilat ng bulag ang taong ito. Bakit hindi niya nahadlangan ang pagkamatay ni Lazaro?"

Muling napahimutok si Hesus pagdating sa libingan. Ito'y yungib na natatakpan ng isang bato. "Alisin ninyo ang bato," sabi ni Hesus. Sumagot si Marta, "Panginoon, nangangamoy na po siya ngayon; apat na araw na siyang patay." Sinabi

ni Hesus, "Hindi ba sinabi ko sa iyo na kung mananalig ka sa akin ay makikita mo kung gaano kadakila ang Diyos?" At inalis nila ang bato. Tumingala si Hesus at ang wika, "Ama, nagpapasalamat ako sa iyo, sapagkat dininig mo ako. Alam kong lagi mo akong dinirinig. Ngunit sinabi ko ito dahil sa mga taong nasa paligid ko, upang maniwala silang ikaw ang nagsugo sa akin."

Pagkasabi nito, sumigaw siya, "Lazaro, lumabas ka!" Lumabas nga si Lazaro; napupuluputan ng kayong panlibing ang kanyang mga kamay at paa, at nababalot ng panyo ang kanyang mukha. Sinabi ni Hesus sa kanila, "Kalagan ninyo siya, at nang makalaya."

Marami sa mga Judiong dumalaw kay Maria ang nakakita sa ginawa ni Hesus at nanalig sa kanya.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B **– Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

Homiliya

Sumasampalataya

B **–** Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P **–** Nananalig sa nagbibigay-buhay na kapangyarihan ng Panginoon, lumapit tayo sa Kanya at idulog natin ang ating mga kahilingan para sa mga pangangailangan natin at ng sangkatauhan. Maging tugon natin ay:

B **– Panginoon ng Buhay, dinggin Mo kami!**

* Nawa ang Simbahan, ang Katawan ni Kristo, ay manatiling laging buhay sa pamamalagi ng Espiritu at magpagaling sa maraming sugat na likha ng ating pagkakasala. Manalangin tayo! ***B.***

* Nawa ang ating Santo Papa at mga pinunong espirituwal ay magamit ng Espiritu, gaya ng propetang Ezekiel, sa pagpapanumbalik ng buhay sa mga pamayanan at institusyong binabagabag ng mga iringan at pagkakahati-hati. Manalangin tayo! ***B***

* Nawa ang mga mag-asawang nagdaraan sa mahigpit na krisis ay makatagpo sa kanilang pananampalataya ng lakas na lumimot sa mga hinanakit at magpanibagong simula sa kapangyarihan ng biyaya ng Diyos. Manalangin tayo! ***B.***

* Nawa ang mga nakalibing sa pagkakasala ay makatagpo kay Hesus at sa kanilang pamayanang Kristiyano ng tulong na kailangan nila para magsimulang mamuhay alinsunod sa Ebanghelyo. Manalangin tayo! ***B.***

* Nawa ang mga nahihirapan sa kanilang mga mapaniil na kapaligiran ay makahango ng inspirasyon at lakas ng loob sa mga Pagbasa para ngayon. Manalangin tayo! ***B.***

* Tahimik nating idalangin ang ating mga kahilingang pansarili. *(Tumigil sandali.)*

Manalangin tayo! ***B.***

P **–** Panginoong Diyos, dumudulog kami sa Iyo nang sugatan sa dati naming pagkatalo ngunit matibay na nananalig sa Iyo. Gawin Mo sa amin ang kamanghaang ipinamalas Mo sa lambak ng mga kalansay at sa libingan ni Lazaro. Ikaw na nabubuhay at naghahari magpakailanman!

B **– Amen!**

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

P **–** Manalangin kayo . . .

B **– Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

Panalangin ukol sa mga Alay

P **–** Ama naming Lumikha, kami'y dumadalanging ang mga pinapagsaloob mo ng mga nilalaman ng pananampalatayang Kristiyano ay iyong gawing dalisay pakundangan sa ipinagdiriwang na paghahaing ito sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B **– Amen!**

Prepasyo sa Kuwaresma

P – Sumainyo ang Panginoon!

B **– At sumaiyo rin!**

P – Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

B **– Itinaas na namin sa Panginoon!**

P – Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos!

B **– Marapat na siya ay pasalamatan!**

***P*–** Amang makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Siya'y di naiiba sa amin kaya't siya'y nagdalamhati rin sa pagpanaw ni Lazarong kaibigang giliw. Siya'y di naiiba sa iyo kaya't taglay ang kapangyarihan mo kanyang binuhay ang kaibigang yumao. Sa kanyang pakikiramay sa sangkatauhan, kami'y kanyang pinakikisamahan upang maipagdiwang ang mga pahiwatig ng iyong pagmamahal na sa ami'y bumubuhay.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B **– Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

B **– Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.**

PAKIKINABANG

***B*– Ama namin . . .**
***P*–** Hinihiling namin . . .
***B*– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

***B*– Kordero ng Diyos . . .**

Paanyaya sa Pakikinabang

***P*–** Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
***B*– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Sabi ni Hesus na mahal, "Ang sinumang nabubuhay at ako'y paniwalaan ay di mapapanaigan ng kamatayan kailanman."

Panalangin Pagkapakinabang

***P*–** Ama naming mapagmahal, kaming nakikinabang sa Katawan at Dugo ng iyong Anak ay mapabilang nawang lagi sa mga kaanib niya na namamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B*– Amen!**

PAGWAWAKAS

***P* –**Sumainyo ang Panginoon.
***B* –At sumaiyo rin!**

***P* –**At pagpalain nawa kayo ng Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.
***B* –Amen!**

***P* –**Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalin at paglingkuran ang Panginoon.
***B* –Salamat sa Diyos!**

SA GITNA NG PAGHIHIRAP

Ang unang bahagi ng Kabanata 37 ng aklat ni Ezekiel ay isang pangitain ng kamatayan at buhay. Madula nitong ipinakita ang kalagayan ng mga Israelita sa pagkakapatapon sa kanila, gayon din ang mga kaawa-awang naiwan sa Lupang Ipinangako upang magsaka para sa mga panginoong dayuhan. Pawang lagim at kawalan ng pag-asang makabangon. Walang ano mang kagalakan.

Ngunit may plano ang Diyos para sa Kanyang bayan, pahayag ni Ezekiel – plano ng pagkabuhay. Ganito ang mensaheng taglay sa mga taludtod 4-14 ng Kabanata 37, na binuod sa Unang Pagbasa para ngayon. Gayon ang plano ng Diyos para sa Kanyang Bayang Hinirang na kanyang pinarusahan upang mapag-isip nila ang kanilang pagkakasala. Ngunit gayon din ang plano ng Diyos para sa lahat ng Kanyang mga anak na nahandusay dahil sa hirap, kahinaan, o kaparusahan.

Sa bawat yugto ng kasaysayan ng tao, sa bawat bayan, pati na sa ating bayan ngayon, may mga kalagayang sosyal, moral, at espirituwal na katulad ng panahon ng Pagkakapatapon sa Babilonia. Laganap ang kahirapan, katiwalian, panghihina ng loob, pati na rin kawalan ng pag-asa. Waring nakapangyari noon ang matatawag na "kultura ng kamatayan." Nagkalat ang napakaraming kalansay sa disyerto ng buhay. Napakaraming gumuhong pangarap. Napakaraming buhay na napariwara . . . . "Sa gitna ng paghihirap, tinawag ko'y Panginoon; Panginoon, ako'y dinggin," panaghoy ng sumulat ng Salmo, habang nananalig na tanging Diyos ang makapagliligtas sa kanya.

Maraming solusyon ang iminumungkahi para sa di mabilang na mga suliranin ng sangkatauhan at ating bayan. May ilang mabubuti; may ilan ding kontrobersiyal o malabong maging mabisa. Ngunit higit sa lahat, tandaan natin ang babalang: ***"Kung di Diyos ang magtatayo sa bahay, sayang lang ang pagsisikap ng iba."*** Maaari ngang maganda ang ating mga plano at tayo'y magsikap, ngunit ***kung hindi binasbasan ng Diyos ang ating mga plano at binigyan tayo ng lakas para isagawa ang mga ito, wala ring saysay. May mga libingang Diyos lamang ang makapagpupuno ng buhay. May mga kalansay na ang Espiritu ng Diyos lamang ang makabubuhay. Kung paanong ang Panginoon ang umibig at nagsagawa ng muling pagkabuhay ng Kanyang bayan, gayon din, Siya ang may nais ng ating pangkaluluwa at panlipunang pagkabuhay na muli, bilang mga indibiduwal at bilang isang bansa.***

Gayunman, dapat tayong makipagtulungan. Di sapat na aminin natin ang ating mga pagkukulang at pagtataksil; di rin sapat na magsisi lamang. Kailangan din ang ating puspusang paggawa't pagsisikap para mapairal ang kabihasnan ng katarungan, pagmamahal, at kapayapaan na siyang bagong tawag sa "Paghahari ng Diyos" na itinatag ni Hesukristo.

Kung tutupdin lamang natin ang ating tungkulin nang buong katapatan, masasaksihan natin ang mga milagrong nangyayari sa ating bayan at sa buong daigdig. Pagagalingin ng Panginoon ang ating mga sugat. Palalakasin Niya ang mga buto nating nanghihina. Tutulungan Niya ang ating bayan at gagawin itong tanglaw para sa buong Asya. Gayon ang pangako ng Diyos. Gayon ang ating pag-asa. Gayon ang ating misyon!

WORD & LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila
Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
Tel. Nos. 8894-5401; 8894-5241; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word & Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. S. Putzu, C. Valmonte, Fr. B. Nolasco, V. David, R. Molomog, M. Vibiesca, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua